



## Ang Aerial Spray ng Lungsod ay Nilalayon para Iligtas ang mga Punong-kahoy mula sa Nananalakay na Species

Marso 30, 2022

Magsasagawa ang Lungsod ng Mississauga ng aerial spray sa spring na ito. Ang spray ay pupuntirya at mangangasiwa sa *Lymantria dispar dispar* (LDD), dating kilalang “gypsy moth,” sa apektadong kapitbahayan ng lungsod. Ang oras ng pag-spray ay nakadepende sa mga kondisyon ng panahon, sa paglabas ng mga uod (caterpillar) na LDD at sa pagtubo ng mga dahon sa mga punong-kahoy.

### Mahahalagang petsa at oras ng pag-spray

Ang spray ay kasalukuyang nakatakda maganap sa pagitan ng April 25 at Hunyo, 12, 2022, at dadapo sa Wards 1, 2, 3, 5, 6, 7, 8, 9, 10 at 11 at ang kabuuang lugar na iispreyhan ay humigit-kumulang 2,100 hectares (5,189 acres). Ang gastos para maipatupad ang spray sa taon na ito ay tinatayang \$3 milyon.

### Sesyon ng impormasyon sa publiko

Ang isang birtwal na pagpupulong ay nakatakda para sa Miyerkules, Abril 20 sa 6 p.m. para sagutin ang mga tanong o concern ng mga residente. Mangyaring mag-register online upang dumalo sa [mississauga.ca/2022spray](https://mississauga.ca/2022spray).

“Ang mga uod na LDD ay mga nananalakay na species na may malinaw na pula at asul na mga tuldok na natatakpan ng napakaliit na pinong balahibo. Naririto na ang mga ito sa loob ng mga dekada na may mga populasyong makahulugang lumalaki sa loob ng huling bilang ng mga taon na humantong sa pinakamalaking bilang sa Mississauga at sa buong Ontario. Kahit na ang ating mga punong-kahoy ay nagpakita ng kanilang pagka-madaling nakakabangon sa pagharap sa napakatinding mga kaganapan ng panahon tulad ng ice storms, nakakapinsalang hangin, mga sakit at iba pang nananalakay na mga impestasyon ng species – napakalaki ng magagawa nila bago tayo makapagsimulang makakita ng mga epekto sa kanilang kalusugan at pagkabuhay,” ayon kay Stefan Szczepanski, Acting Director, Parks, Forestry & Environment. “Ito ang pang-apat na pagkakataon na ang Lungsod ay nagsasagawa ng aerial spray, na ang pinakahuli ay naganap noong 2018. Tulad ng mga naunang taon, pinasulong natin ang isang komrehensibong plano para gamutin ang mga lugar kung saan inaasahan ang matinding pagkawala ng mga dahon. Ang programa sa aerial spray ay makakatulong sa atin na protektahan ang libo-libong matitigas na mga punong-kahoy tulad ng Maple, Oak, Elm, Ash, Poplar, Willow at Birch.”

Sa loob ng nakalipas na ilang taon, nagawang kontrolin ng Lungsod ang mga populasyon ng uod na LDD gamit ang ibang mga pamamaraan ng Integrated Pest Management (IPM), tulad ng tree banding, tree injections, pag-spray sa lupa at pagkayod sa mga itlog. Gayunpaman, sa ilang lugar ng lungsod, ang mga paraang ito lamang ay hindi makakatugon sa sukatan ng kasalukuyang outbreak.

Habang lumalaki ang mga uod na LDD, kumakain sila ng mga dahon – tinatangalan ng mga dahon ang mga punong-kahoy, ginagawang mahihina ang mga ito, mas madaling kinakapitan ng sakit at matinding panahon. Kung naiiwang hindi nagagamot, maaaring kakalat ang LDD sa ibang lugar sa buong Mississauga at pagbantaan ang karagdagang katutubong mga punong-kahoy, woodland at mga parke.

Dagdag pa ni Szczepanski, “Ang canopy ng punong-kahoy ay isang mahalagang parte ng Mississauga, na nagbibigay ng di-nabibilang na mga benepisyo sa komunidad at sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagtanggali sa carbon dioxide mula sa hangin at pagpapalabas sa oxygen. Ang pangangalaga, pagprotektahan at pagpapalaki sa canopy ng punong-kahoy ay nananatiling mahalagang pokus ng Lungsod.”



## Ano ang kailangang malaman ng mga residente

Ang aerial spray ay gagamit ng biological insecticide, Foray 48B, na naglalaman ng aktibong sangkap na *Bacillus thuringiensis* subspecies *kurstaki* (Btk). Ang spray ay lilikha ng pinong mga droplet na sapat na maliliit para dumikit sa mga dahon ng mga punong-kahoy. Ang Btk ay isang likas na nagaganap na bacterium na matatagpuan sa lupa at naapruba ng Pest Management Regulatory Agency, isang ahensya ng Health Canada, para aerial na gamitin sa mga urban na lugar. Ang Btk ay isang epektibong pamatay-insekto na pandaigdigang ginagamit sa loob nang higit sa 30 taon para matagumpay na pangasiwaan ang mga populasyon ng LDD.

Ayon sa [Health Canada](#), ang panggagamot ng Btk ay itinuturing na mababa ang panganib sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran. Nakakalason lamang ang Btk sa yugto ng uod ng ikot ng buhay ng LDD at hindi nakakaapekto sa adult na mga gamu-gamo o paru-paro.

“Tulad ng mga naunang programa ng aerial spray na ginawa ng City of Mississauga, committed ang Peel Public Health na suportahan ang programa sa aerial spray sa pamamagitan ng pagtugon sa anumang mga concern o tanong na ipinaabot ng mga residente,” sabi ni Dr. Nicholas Brandon, Associate Medical Officer of Health. “Hindi inaasahan ng Peel Public Health ang anumang mga epekto sa kalusugan mula sa paggamit ng Foray 48B sa panahon ng aerial spray ng Lungsod. Kahit na walang espesyal na mga pang-iingat ang kailangang gawin, kailangang manatili sa loob ng bahay ang mga residente at patayin ang heating/air conditioning fans sa panahon ng pag-spray sa loob ng 30 minnuto habang nagse-settle ang mga droplet. Matapos ang pag-spray, kailangang hugasan ng mga residente ang mga kamay.”

Nakikipagtulungan ang Lungsod sa mga Rehiyonal na partner (Peel Public Health at Peel Regional Police) at mga ahensya ng Lalawigan (Ministry of Transportation, Ministry of Natural Resources at Forestry, Ministry of Environment and Climate Change) para sa isapinal ang mga detalye ng pag-spray.

## Mga operation sa pag-spray

Magaganap ang pag-spray sa loob ng ilang araw, na may dalawang spray applications na kinukumpleto. Dalawang helicopter ang lilipad mga 15 hanggang 30 metro sa ibabaw ng mga treetop para makumpleto ang pag-spray. Ang pag-spray ay nakadepende sa panahon at gagawin lamang sa ilalim ng tamang mga kondisyon. Bilang bunga, ang partikular na mga petsa ng pag-spray ay pinipili 48 oras nang maaga at kakanselahin kung magbago ang kondisyon ng panahon. Mag-iisyu ang Lungsod ng mga pahayag sa publiko 48 oras bago ang bawat treatment at magbibigay ng up-to-date na impormasyon sa pamamagitan ng 311 at online sa [mississauga.ca/2022spray](#). Maaaring kakanselahin ang pag-spray hanggang 12 oras nang advance kung magbago ang panahon.

“Pinili ng Lungsod na magsagawa ng aerial spray treatment bilang isang mabisa at napatunayang pamamaraan sa pagkontrol sa mga populasyon ng LDD. Ang aerial treatment ay mabisa kapag iniplay nang pataas patawid sa mga ibabaw ng apektadong mga punong-kahoy. Nakita natin ang tagumpay base sa nakaraang mga pag-spray,” sabi ni Paul Tripodo, Aerial Spray Project Lead. “Ang pag-spray ay isasagawa sa loob ng masikip na populated na mga lugar ng lungsod at kinabibilangan ng mga parke, gubat at mga kakahuyan. Ang spray ay sasakop din sa pribadong ariarian kabilang ang mga residensyal na kapitbahayan sa tina-target na mga Ward.”

## Saan makakakuha ng mga update at impormasyon

- Mag-register para sa sesyon ng birtwal na impormasyon sa Abril 20 upang malaman ang higit pa tungkol sa aerial spray. Sasagutin ng staff ng Lungsod ang mga tanong at concern ng residente.

- Bisitahin ang [mississauga.ca/2022spray](https://mississauga.ca/2022spray)
- Mag-subscribe sa Invasive Species & Tree Pest Management news alert email para makatanggap ng mga update
- Tawagan ang 311 (o 905-615-4311 sa labas ng city limits)
- Para sa impormasyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-spray, tawagan ang Peel Public Health sa 905-799-7700
- Sundan kami sa social media - @citymississauga and @saugaparksrec

## Ordinansa

Noong Pebrero 16, ipinasa ng Konseho ang isang ordinansa (BL0029-2022) para ideklara ang impetasyon ng Lymantria dispar dispar (LDD) sa Mississauga. Binibigyang kapangyarihan ng ordinansa ang Parks, Forestry & Environment division na ipatuod ang aerial spray program gamit ang Btk para makontrol ang LDD sa loob ng ginagamot na mga lugar na tinukoy ng Commissioner of Community Services.

## Paano maiwasan ang mga uod na LDD sa inyong ari-arian

Maaaring protektahan ng mga residente ang kanilang mga ari-arian gamit ang karagdagang mga pamamaraan tulad ng pagtanggap sa mga natitipong mga itlog bago ang dulo ng Abril. Ang mga natitipong itlog ay maaaring makita sa mga punong-kahoy, windowsills, ilalim ng eavestroughs, patio furniture, mga bakod o mailboxes. Panoorin ang [video](#) sa kung paano tanggalin ang mga natitipong itlog ng LDD.

Ang programang 2022 aerial spray ay bahagi ng [Invasive Species Management Plan and Implementation Strategy](#) ng Lungsod, na tumutugon sa panganib sa nananalakay na species. Ang plano at estratehiya ay nagbibigay ng payugto-yugto, pambuong lungsod na paraan para pangasiwaan ang nananalakay na species tulad ng LDD, Emerald Ash Borer, Garlic Mustard, Wild Parsnip, Dog-strangling Vine at Giant Hogweed.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa aerial spray: [mississauga.ca/2022spray](https://mississauga.ca/2022spray).

-30-

## Kontak ng Media:

City of Mississauga Media Relations

[media@mississauga.ca](mailto:media@mississauga.ca)

905-615-3200, ext. 5232

TTY: 905-896-5151